REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
KAGAWARAN NG EDUKASYON
DEPARTMENT OF EDUCATION
DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

*Tanggapan ng Kalihim*
*Office of the Secretary*

Direct Line: 633-7208 / 7228
Fax: 636-4876
DETxt: 0919-4560027
E-Mail Address: osec@deped.gov.ph
Website: http://www.deped.gov.ph

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. **180**, s. 2004

APR 16 2004

MASINING AT EFEKTIVONG PAGTUTURO NG FILIPINO

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor ng Rehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan

1. Ang Pamantasan ng Nueva Caceres, Naga City, Rehiyon V sa pamumuno ng Association of Educators, Inc. sa pamamatnugot ng Kolehiyo ng Edukasyon ay magdaraos ng Pambansang Seminar-Worksyap sa Filipino na pinamagatang **"Masining at Efektivong Pagtuturo ng Filipino"** sa Mayo 24-26, 2004 sa Instructional Media Center ng nasabing pamantasan.

2. Ang layunin ng worksyap na ito ay ang mga sumusunod:

a. Mapaunlad ang kaalaman ng mga guro para sa efektivong pagtuturo ng disiplinang Filipino;
b. Madagdagan ang dati nang naimpok na mga istratehiya at pamamaraan sa Filipino na lilinang sa mataas na antas ng kritikal na pag-iisip ng mga guro't mag-aaral;
c. Mapunuan ang pangangailangan sa pagkatuto sa elementarya, sekundarya at tersarya sa tamang pamamaraan sa pagtuturo ng Filipino kaugnay ng bagong kurikulum;
d. Makabuo ng mga gurong may kabatiran sa iba't ibang larangan sa pagtuturo ng disiplinang Filipino; at
e. Malinang sa mga guro na mula sa iba't ibang panig ng bansa ang pagtutulungan at magandang samahan.

3. Ang halaga ng rehistrasyon ng bawat dadalo ay Isanlibo't Limangdaang Piso (PhP1,500.00) na gugugulin para sa meryenda, sertipiko, pananghalian at hand-outs.

4. Ang magsisidalo ay mga guro sa Filipino sa elementarya at sekundarya mula sa pampubliko at pampribadong paaralan **sa opisyal na oras lamang.**

5. Mangyaring tumawag o makipanayam kay Dr. Lilly A. Vidal, Dekana, Kolehiyo ng Edukasyon sa fax blg. (054) 811-10-15; tel. blg. (054) 811-61-00 lokal 27; cell # 0927-3265896/0920-9061002/0920-3414058.

6. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

EDILBERTO C. DE JESUS
Kalihim

*"Educating for a Strong Republic"*

Sanggunian:
Wala

Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

CONFERENCES
Learning Area, FILIPINO
TEACHERS

Draft by: Sally-Efektivong pagtuturo sa Fil.
April 13, 2004